# Vengeance of the Gods

*BUOD*

Isang binata ang sinapian sa kalagitnaan ng liga. Nangyari daw 'di umano ito dahil sa pagkaputol sa mga paa ng mga estatwa nina Biuag at Malana, ang mga bayani sa epiko ng Cagayan, dahil sa renovation ng lumang Welcome Arch ng probinsiya. Ngunit ayon kay Ifan, ang chief of staff ng alkalde ng bayang kinatitirikan ng Welcome Arch, may mas kahindik-hindik pang dahilan ang pagkakasakit ng binata. Susubukang kumbinsihin ni Ifan si Odie, ang ama ng binata, na samahan siya sa paghanap ng hustisya at pagpapanagot sa mga tunay na may sala.

**Vengeance of the Gods**

**Mga Tauhan**

**Ifan**: Mahigit 30 taong gulang, chief of staff ng alkalde ng bayan

**Manong Odie**: Mahigit 40 taong gulang, construction foreman, may pilay

*Taong 2022. Tanghaling tapat.*

*Sa highway boundary sa pagitan ng dalawang lalawigan, kasalakuyang isinasagawa ang renovation ng Welcome Arch ng Cagayan. Sa may haligi ng Welcome Arch, alanganing nakapwesto ang napinsalang estatwa nina Biuag at Malana sa tuktok ng mga durog na bato. Halatang may lamat ang paa ng mga estatwa, na tila ba naputol ang mga ito at muling ikinabit. Magsisimula ang dula habang naghahanda si Manong Odie para sa isang ritwal. Darating si Ifan at oobserbahan nito si Manong Odie.*

(Tutungo si Manong Odie sa sulok na kinatitirikan ng estatwa. Mula sa bayong na karga niya, maglalabas siya ng putting dumalagang manok, bote ng gin, isang resma ng sigarilyo at tabako, mga barya, bigas, kendi, at kung anu-ano pang alay. Pagmamasdan ni Ifan ang mga pangyayari habang nasa ilalim siya ng tirik na tirik na araw. Halatang hindi siya kumportable dahil sa init. Pagkatapos ng ilang sandali ay tutungo siya sa silong ng mataas na tuntungan sa tabi ng ginagawang arko.)

(Magsisimula ang isang ritwal. Kakanta si Manong Odie. Ilalapag niya ang dalang alay sa paanan ng altar. Pagkatapos, gigilitan niya ang dumalaga at patutuluin ang dugo nito sa lupa at sa paa ng mga estatwa.)

**Kanta (Sipi mula sa epiko ng Biuag at Malana)**

Ta olo-olu agga-aggaw
Ta Cagayan nga tana-aw,

naggian i mengal nga duwa.
Ngagad-da ay Biwag anna Malana.
Totolay ay makeraddam,
Maginganay nga edda pinallamangan.

Polluak-ku ivuya i tadday nira,
Ay, Biwag i ngagan na.
Naggafu ta dana ili na Maquila',
Nga sangaw ay nawawan ngana.
I niketunan gari na ili-aw,
Nagallatan na Cabagan anna Tuguegarao.

Yuri ili ay aranni maggyan,
ta Dakal a Bannag na Cagayan.
Tu gari ay paggyanan na vuaya,
Lamag nga maketaganna.
Nga ikassing na totolay taggari,
Si Biwag laman nira makaranni.

Megafu garay ta nikeyana na,
Nakitaful sa i tadday a diosa,
Anitu nga langi i naggafuan na,
Maimammo i paddayaw na,
Kani biwag nga assitay,
Toye ta lagum na balay.

Kunnud, nammuan na yena na,
Nga diosa yuri nakitaful nira.
Nappalittukag yayya sa,

Enna neparattal i paddarayaw na.
Pinakimallo na ta diosa,
Kapyanan tu meyanugu ta ana na.

Ngem, ari nappika yuri diosa,
Kunnud, nedusaru na kani Biwag,
Tallu nga mangina tu batu,
Gugammay na abbing-ud.
I tadday a batu, talugaring,
fugaddan na i ganna-gannug nga taki.

**IFAN**

(Walang imik na isesenyas sa pamamagitan ng pagtingin sa mga estatwa ang tanong para kay Manong Odie.)

**MANONG ODIE**

Nettoli mi yan, Ser Ifan.

**IFAN**

Binalik niyo? Ngatta? Dahil sa nangyari?

**MANONG ODIE**

Oo, ser. Naggazzi da.

**IFAN**

Nagalit? Tingin n'yo talaga may kinalaman sila sa pagkakasakit ng anak mo?

**MANONG ODIE**

(sesenyas kay Ifan na lumayo sa mga estatwa, at bubulong.)

Sinabi ko naman na po sa inyo dati pa. Hindi natin dapat ginalaw.

Hindi po siya na-Covid, ser. Sabi sa barangay. Wala siyang ubo at sipon. Pero nagsusuka, maputla, malamig ang tenga. Binigyan nila ng gamot, mari gumana. Sabi ko n'ung una, baka naannungan.

**IFAN**

Paano mo naman nasabi na naannungan?

**MANONG ODIE**

Nanggaling kasi sa lamay noong gabi bago siya nagkasakit. Eh, nakikipagharutan daw d'un kay Tekla, 'yung pamangkin ng namatay. Kaya nepaappiat da, nilawayan ni Tekla. Pero wala naman nangyari. Lumala pa nga. Dumadaing na, tumitirik ang mata.

**IFAN**

Dapat dinala na ninyo sa ospital nang mangyari 'yan.

**MANONG ODIE**

Pero bigla siyang gumaling kinabukasan. Akala namin ok na siya, hanggang sa sinaniban na siya habang nanonood ng liga. Noon na ako nagsuspetsa.Pina-affak namin, dahil malamang nakursunadahan. Ang sabi ni Ama Teroy, may nagalit. Lumantad ang barkada niya, ang sabi, bago raw sila nakiramay, kumuha daw ng bote ng gin sa altar ni Biuag iyong anak ko.

**IFAN**

Hindi ba't abig lang 'yan? Superstyphus belief, gaya nga ng pabirong sinasabi nila dito. Manong, it's 2022. Wala nang taong naniniwala sa ganyan.

**MANONG ODIE**

Kung walang naniniwala, bakit nag-viral ‘yung video nya?

**IFAN**

Lagi naman nagva-viral ang mga ganyang pangyayari. Pero kapag inimbestigahan mo, may ibang dahilan pala.

**MANONG ODIE**

Hindi po mahalaga sa akin kung may ibang dahilan. Ang mahalaga sa akin, napagaling ang anak ko.

**IFAN**

Sabi pala ng doktor hindi mo na siya binalikan tungkol sa mga test. Mahalaga sana ‘yung mga test na ‘yon…

**MANONG ODIE**

Pasensiya ka na ser. Sayang pa kasi ang oras at pamasahe, eh magaling naman na siya.

**IFAN**

Mas mabuti na’ng makasiguro, ‘Nong.

**MANONG ODIE**

Hindi naman doktor ang nagpagaling sa anak ko, ser. Gawa ‘yun ng atang. At pagkatapos naming ibalik itong sina Biuag at Malana. Ang sabi kasi ni ‘Ma Teroy, kaya galit na galit ay dahil binuwag sila sa puwesto nila. Ang laki ng kasalanan ko, naputol ko pa ang mga paa nila nang hindi sadya. Kaya laking pasalamat ko na rin. May awa sila—hindi masyadong mabigat ang parusa.

(lalapit sa estatwa, hihimasin ang paa ni Biuag, yuyuko, at magaantanda.)

Natatakot po ang mga kasama ko.

**IFAN**

Ano'ng ikinakatakot nila?

**MANONG ODIE**

Baka kasi mangyari rin sa kanila ang nangyari sa amin. Kaya ginawa ko itong alay para mapanatag ang loob nila. Excuse me po.

(Pupunta si Manong Odie sa dulo ng entablado para bigyan ng mga taguibilin ang construction crew. Babalik siya sa kinatatayuan ni Ifan. Habang siya'y papalapit ay pupunasan niya ang kaniyang mga palad, saka ang noo.)

Sinabihan ko na sila na 'yung kabila muna ang gawin nila at umiwas muna dito. Excuse me po ulit.

(Tangkang aalis si Manong Odie.)

**IFAN**

Sa'n ka pupunta, Manong Odie?

**MANONG ODIE**

Maffalta na labbi, ser. Nagpasabi muna ako na umalis para asikasuhin ang anak ko. Itong atang lang po talaga ang sinadya ko rito. Bakit po?

**IFAN**

Ah. Kailangan mo na talagang umalis?

**MANONG ODIE**

Ano'ng oras na rin, ser, eh.

**IFAN**

Kahit saglit lang, 'Nong.

**MANONG ODIE**

(Maga-alinlangan.) Sige. Sayang din ang pwedeng kitain, pagaling naman na ang anak ko.

(Parehong maiilang ang dalawang lalaki habang hinihintay ang isa na magsalita. Pagkatapos ng ilang saglit, ituturo ni Manong Odie ang tuntungan.)

Alam n'yo, mataas pa dito ang ibinagsak ko, eh. Itong pilay ko, mga 2000 nangyari. Bagong kasal ako.

**IFAN**

Ano'ng nangyari?

**MANONG ODIE**

Nataga na ta platform. Siguro sa tuktok nitong arko, dagdagan mo pa mga 5 feet. Nagtataka nga ako at nabuhay pa rin ako. Nabali lang balakang ko.

Swerte ako dito sa kumpanya, 'di ako nababakante kahit ganito ang kundisyon ko. Parang permanente na rin, wala lang papel.

**IFAN**

Baka nakapag-adjust ka habang nahuhulog kaya naiwasan ang spine. At buti di rin nabagok ang ulo mo. Pero oo, masuwerte ka nga at hanggang gan'un lang, 'Nong Odie.

**MANONG ODIE**

Hindi ako gumagaling. Nekkavvu kwartu mi, kung kani-kanino kami umutang. Hindi naman pwedeng hindi ako gumaling, kasi paano mabubuhay ang pamilya ko? Imbes na anak, baldado ang aalagaan ni misis. Ayun, humingi kami ng tulong sa kamag-anak, kaibigan, PCSO, kay Don Pedring noong siya pa ang mayor, bago pa pinalitan ng boss n'yo. Gabi-gabi wala akong tulog dahil sa sakit. Noong wala nang nagpapautang, kasi nga hindi naman umaayos ang kalagayan ko, ano'ng nangyari? Dinalaw si Ama Ipeng, bago niya ipasa kay Ama Teroy ang holy spirit, sa panaginip. Ang kailangan daw gawin—alay.

Halos pareho rin lang ng atang na ginawa ko kanina. Puting dumalaga. Malaking bote ng Tanduay. Tabako. Prutas. Karne. Petisyon na hiling ko, sinulat ko sa papel. Dasal. At laway. Nandidiri ka?

**IFAN**

Naalala ko lang na noong bata ako, may mga matatandang nagpapahid ng laway sa akin. (Hihimasin ang kaniyang mukha.)

**MANONG ODIE**

Ang kinis mo kasi, ser. Pinanggigigilan ka siguro noon. Pero, sabi nga ng nanay ko, banal ang laway ni Ama Ipeng. At nagkakatotoo ang panaginip niya!

Ganito ang ginawa. Ok lang, ser?

(Ipapakita ang paggawa ng gayuma, hahawak-hawaka niya si Ifan habang ginagawa ito, na parang inuulit ang ritwal na ginawa sa kaniya sa nakaraan.)

Laway, mekkivu sa langis, don ng bayabas, Tanduay, dugo ng dumalaga. Pagkahalo, ipinahid sa buo kong katawan, saka ako hinilot, ventosa para tanggalin ang masamang

hangin, pinatunog ang mga buto. At heto na ako. Magaling na. May kaunting pilay na natira, pero pwede na, kumpara sa dati. Kaya po wala ako masyadong tiwala sa doktor. Hindi naman nakatulong, nabaon lang ako sa utang. (beat)

(Magalang na tutungo sa estatwa ni Biuag.)

Kaya rin bumalik ang debosyon ko, eh. Siya ang nandoon noong wala na akong masandalan.

**IFAN**

Pwede na ba tayo mag-usap?

**MANONG ODIE**

Kanina pa naman po tayo naguusap.

**IFAN**

'Yung nabanggit ko na sa'yo.

**MANONG ODIE**

Ah. (Saglit.) Problema lang ang dadalhin nyan, ser.

**IFAN**

Sinabi ko naman sa'yo, ako na ang bahala sa mga gastusin. Kailangan lang pumunta ng anak mo.

**MANONG ODIE**

Kami ang maiipit d'yan, ser. Iba na lang po. At hindi naman doktor ang nakatulong sa amin, para saan pa ang gusto ninyong mangyari.

**IFAN**

Huwag po kayong magbulag-bulagan! Estatwa lang ang mga ‘yan na walang kapangyarihan!

**MANONG ODIE**

Madali po n’yong sabihin dahil hindi n’yo naman naranasan.

**IFAN**

Ayaw mo ba’ng maitama ang mga nangyari?

**MANONG ODIE**

Ser, sawa na po kami sa atensyon. Ang dami na’ng nangungulit simula nang kumalat ang video ng anak ko na nasasaniban.

**IFAN**

Naiintindihan ko.

**MANONG ODIE**

Naiintindihan po pala ninyo. Kaya pagpasensyahan na lang ninyo kung gusto lang namin malagay sa tahimik.

**IFAN**

Sorry. I tried my best para sana hindi pumutok ang issue. Pina-take down ko nga sa social media page ni Mayor ‘yung video. Pinagsabihan ko nga ang social media manager namin, ‘ka ko iresponsable ang ganung basta na lang pag-share ng video na parang nakiki-chismis. Pero marami din kasi nakakuha dahil nangyari ‘yun sa kalagitnaan ng pa-liga.

**MANONG ODIE**

Mahirap po ang hinihingi ninyo.

**IFAN**

Mahirap, ngunit tama.

**MANONG ODIE**

Aanhin ko po ang tama kung wala akong maipapakain sa pamilya ko? Kami lang naman ang dehado sa gusto ninyong mangyari.

**IFAN**

Hustisya lang ang gusto ko'ng mangyari, Manong Odie. At malaki ang maitutulong ng anak mo para makamit natin ito para sa lahat.

**MANONG ODIE**

Bibigyan n'yo po ba ako ng trabaho? Kabuhayan ko ang nakataya rito.

**IFAN**

Iyon ba ang presyo? Transaksyon lang ba talaga ito para sa'yo?

**MANONG ODIE**

Madali po ninyong sabihin 'yan dahil may pera kayo. Hindi n'yo kailangan ito. Pero paano 'pag bumitaw kayo? San kami pupulutin ng pamilya ko?

**IFAN**

Hahayaan n'yo na lang ba na may iba pang mabiktima at matulad sa anak ninyo?

**MANONG ODIE**

At 'yung anak ko. Maaantala ang buhay niya para sa gusto n'yong gawin.

**IFAN**

Hindi nga iyon ang dahilan!

**MANONG ODIE**

Sabi nga ninyo nalason ang anak ko. Kung nalason man siya, parusa na niya 'yun. Ang aral doon ay huwag kunin ang hindi atin. Mabait si Biuag, dahil hindi buhay ang presyo ng pagkakamali ng anak ko.

**IFAN**

'Yung tubig sa creek! 'Yun ang dahilan. At hindi dahil haunted creek 'yun na dahil sa multo daw ni Doña Esperanza. Naipaliwanag ko na sa inyo. Toxic ang tubig dahil sa chemical run-off ng contractor na employer n'yo.

**MANONG ODIE**

At anak ko ang magpapatunay nito?

**IFAN**

Alam n'yo nga dapat ito. Ang tagal n'yo nang empleyado. Alam n'yo malamang na hindi kayo nagdi-dispose nang maayos ng mga basura n'yo.

**MANONG ODIE**

Hindi lang naman po kami ang tapon dito, tapon doon.

**IFAN**

Oo. At hindi nga sikreto 'yan. Beyond the walls of the company you don't even bother hiding the mess, bumubuhos lang ang sludge mula sa building papunta sa tubig. May ginagawa ba tungkol diyan?

**MANONG ODIE**

Hindi ba kayo naman ang dapat umaksyon diyan? Hindi naman kami gobyerno.

**IFAN**

Wala. Malakas ang kalaban, eh. Hindi ko kaya. Kahit si mayor. May mga pabor eh, sa kampanya. (Saglit.) Kung gusto mong malaman kung may diyos, huwag kang tumingala sa langit. Diretso ka lang ng tingin. Kita mo ang pangalan sa truck? MAHARLIKA, INC. Iyan ang diyos.

**MANONG ODIE**

Pero hindi lang naman siguro ang anak ko ang umiinom ng tubig sa creek. Wala naman nababalitang nagkakasakit. Kahit ako, noong kabataan ko, iniinom ko 'yan. Anong kinalaman ng kumpanya namin diyan?

**IFAN**

Dahil pinagtatakpan. Hindi mo ba napapansin, parang dumadami ang nagva-viral na nasasaniban daw sa atin? Mga batang nag-swimming sa creek, 'yung pulubi na natutulog sa may banda roon. 'Yung namingwit daw ng isda malapit sa puno ni Doña Esperanza na nag-seizure tapos namatay.

**MANONG ODIE**

Nalason lahat sila?

**IFAN**

Minamata Disease ang tawag. Dahil sa mercury. Parehong sintomas ng mga "nasaniban." Kahit mukhang malinis sa ibang bahagi ang creek, 'di mo malalaman na kontaminado.

**MANONG ODIE**

Pa'no n'yo nalaman?

**IFAN**

Nagtaka kasi ako, dahil lahat ng sinasabing nasaniban, puro konektado sa creek. Alam mo na'ng hindi ako naniniwala sa ganiyan, kaya't pinakuhanan ko ng sample, pinagaralan ko ang mga kaso nila, I asked my doctor and scientist friends about it. N'ung nalaman ko, hinarap ko si mayor at si Mr. Maharlika. Kinastigo ako. Binalaan ako ni mayor. Si mayor, na ilang taon ko na'ng kaibigan. Kasa-kasama ko pa n'un sa UP, mula undergrad hanggang law school. Sa rally, sa debate team. Ang usapan namin, babaguhin namin ang bayan na 'to. Let's start small if we want to see some changes, sabi pa namin.

(Saglit.)

May plano na daw i-rehabilitate ang creek. Gagawin daw na CSR.

**MANONG ODIE**

CSR?

**IFAN**

(Hindi mapapansin ang tanong ni Manong Odie.)

Corporate social responsibility na pala ang tawag kapag ikaw ang sumira, pero ikaw ang magaayos. Sayang daw ang reporma kung sisirain ko lahat ng effort. May pangakong mga donasyon si Mr. Maharlika. Research center na fully-equipped sa state university. Kabuhayan para sa mga nakaasa lang sa ayuda. Reforestation. Lilinisin ang creek, gagawan ng esplanade para mapuntahan ng mga tao. 'Yan daw ang presyo ng katahimikan ko.

**MANONG ODIE**

Hindi ba maganda namang kapalit 'yun? Mabuti pa nga at aayusin nila ang problema.

**IFAN**

Kung sa unang tingin, maganda nga naman. Kung hindi titimbangin.

**MANONG ODIE**

Titimbangin ang alin?

**IFAN**

Sa isang banda, mga buhay na napahamak dahil sa kapabayaan nila. Sa kabilang banda, kapakanan ng mas marami. Aba, para saan pa 'yang sinasamba mo? Parang diyos na rin naman pala tayo na naghahari sa kung kaninong buhay ang mahalaga. Ok ka ba sa ganon?

**MANONG ODIE**

Bakit sa akin ka nakaasa? Bakit kailangang desisyon ko? Hindi namin hiningi ito.

**IFAN**

Hindi naman natin napipili kung ano ang ibibigay sa ating baraha.

**MANONG ODIE**

Malaki ang utang na loob ko sa kumpanya, Ser Ifan. Kay Mr. Maharlika. Piya nga dahun—mahigit 20 years na'ng nakapamuhay kami dahil sa kanya. Hindi po ako traydor. At kayo, kaya n'yo ba talagang gawin 'yun sa boss n'yo?

**IFAN**

Kaibigan ko si Mayor. Parang kapatid. Sponsor ko sa frat. Ang dami na naming pinagdaanan.

**MANONG ODIE**

‘Yun naman pala.

**IFAN**

Hindi ko alam kung narinig mo na ito, pero alam mo ba, ex ko ang asawa ni Mayor?

**MANONG ODIE**

Narinig ko nga ‘yan, ser. Si Mayor mismo ang nagsabi noong piyesta dati na naging kayo ni Mayora. N’ung sinama ka sa mga premyo sa Win-a-Date.

**IFAN**

Hindi niya ako inagawan ha. Sa totoo lang, ako ‘yung nakialam n’ung college. Alam ko na n’un na mag-MU sila, pero niligawan ko pa rin si Mayora n’ung naging exchange student si Mayor sa Japan. Hindi sumama ang loob ni Mayor sa akin. Parang kuya talaga na naunawaan ang kapritso ng kapatid. Saka lang siya nagalit nung nalaman niya na may iba din pala akong kinikita bukod kay Mayora.

**MANONG ODIE**

May pagka-pilyo ka rin pala, Ser.

**IFAN**

Diretsahin mo na. Gago ako n’un.

**MANONG ODIE**

Gago!

**IFAN**

(Matatawa.) Mainitin din ang ulo ko noong araw. Ilang beses ako naging ugat ng gulo. Tipong mapatagal lang ng titig sa akin, rumble na. Ilang beses na ako pinagtakpan niyan. At dahil siya ang head ng frat, siya ang napaparusahan dahil sa mga gulo na kino-cause ko. Ilang suspension din inabot n'un, mabuti nga hindi na-expel. Blood brothers, gan'un ang tawag sa English ng pagkakaibigan namin.

**MANONG ODIE**

Kung gan'un pala, kaya mo talagang talikuran ang pinagsamahan ninyo?

**IFAN**

Kailangan ko'ng gawin ito. Wala ka talagang gagawin kahit anak mo na ang napahamak?

**MANONG ODIE**

May pruweba ho ba kayo?

**IFAN**

Ngayon ka nanghihingi ng pruweba! Pero pagdating sa pananampalataya mo, agad kang naniniwala!

**MANONG ODIE**

Wala na pong patutunguhan ang paguusap natin. Aalis na po ako, mukhang kaya naman na ng crew na wala ako.

(Magtatangka ulit na umalis.)

**IFAN**

(Hahabulin ni Ifan si Manong Odie at hahablutin ang kamay nito.)

Hindi ka pwedeng umalis!

(Susubukan ni Manong Odie kumawala sa pagkapit ni Ifan.)

Kailangang matapos ang trabaho niyo rito!

**MANONG ODIE**

(Magpupumiglis si Manong Odie.  Bubuwelo siya, saka hahawiin ang kamay ni Ifan.)

Kung gano'n, hayaan na n'yo akong magtrabaho.

**IFAN**

(Gulat na tititig si Ifan kay Manong Odie.)

Sandali. Manong, sandali. Pagbigyan lang po ninyo ako. Isang test lang, at mapapatunayan ang sinasabi ko.

**MANONG ODIE**

Sapat na po sa akin ang parusa ng langit. Huwag na ninyong hingin na maibaling sa amin ang higpit ng diyos sa lupa. At kung ganyan po kalakas ang sinasabi ninyong kalaban, mabuti kung makuntento sila sa pagtanggal lang sa akin sa trabaho. At kayo rin po, hindi ba kayo natatakot para sa sarili n'yo?

**IFAN**

Natatakot. Pero kung may ipinaglalaban, hindi dapat tayo nagpapadala rito.

**MANONG ODIE**

Magkakaso po kayo. Alam naman natin na hindi umuusad ang mga kaso rito. 'Yung kaso nga laban sa dating mayor na dahil sa pagkakapatay sa kalaban niya, wala pa rin nangyayari. 1992 pa na kaso, hindi naman siya nakulong.

**IFAN**

Umasa tayo sa hustisya.

**MANONG ODIE**

Mukhang sa ating dalawa kayo po ang naniniwala sa ilusyon.

**IFAN**

Mari nak nga balibi. Maganda ang track record ko sa mga kaso. Doon ako umaasa.

**MANONG ODIE**

Malaki po ang presyo ng katapangan para sa aming mahihirap. At walang dinudulot na mabuti.

**IFAN**

Hindi mo masasabing hindi mabuti ang paglaban para sa prinsipyo.

**MANONG ODIE**

Parang hangin lang po yan.

**IFAN**

May ginhawa din naman sa hangin. Kapag ganitong napaka-init, hindi ba pumipito kayo para tawagin ang hangin? At hindi ba nabubuhay tayo dahil sa hanging hinihinga natin.

**MANONG ODIE**

Siguro tama ka. Pero para sa amin dito sa site, mas nakakaginhawa ang malamig na RC na panulak sa mamon.

(Saglit.)

Baka gusto po muna ninyong maghintay sa sasakyan. Kulay kamatis na kayo at basang-basa na sa pawis ang damit n'yo.

**IFAN**

(Tatanggalin ni Ifan ang long-sleeves na damit nito. Makikita ang undershirt na basang-basa ng pawis.)

Ok lang ako.

**MANONG ODIE**

Sigurado po kayo? Baka hindi kayo sanay sa init. Kahit kami na sunog na sunog na sa araw, naapektuhan din kapag ganito ka-tirik ang araw.

**IFAN**

Oo. Hindi naman ako maselan. Dito rin naman ako lumaki.

**MANONG ODIE**

Iyong kilos po kasi ninyo parang hindi. Parang nalimutan n'yo na kung paano mga paniniwala rito. Kagaya na lang din noong minsan na pinagtawanan ninyo ako.

**IFAN**

Ha? Kailan ito?

**MANONG ODIE**

Noong groundbreaking, ser.

**IFAN**

Pinagtawanan kita?

**MANONG ODIE**

Oo. Sinaway ko 'yung isa sa mga trabahador dahil nakalimutan niyang dalhin ang manok na para sa padugo. Tumawa kayo, tapos sinabi ninyong pagbigyan na dahil hindi naman mahalaga.

**IFAN**

Marami naman kasi tayong bisita noon. Nakakahiya na may pinagagalitan sa harap nila. At alangan namang itigil natin noon ang seremonya dahil doon.

**MANONG ODIE**

Baka nga hindi nangyari ang disgrasya sa anak ko kung nagawa namin ang padugo. (Saglit.) At maski pa noong umalma ako dahil may VIP na umihi sa gilid at nawiwisikan ang itinabing estatwa, ako pa ang napagsabihan.

**IFAN**

Teka, sumilong muna tayo, ang init na.

**MANONG ODIE**

Nasa silong na po tayo.

(Pipito ito. Sisinghot na tila inaamoy ang hangin.)

Mukhang uulan.

**IFAN**

Ha? Tirik na tirik ang araw, o. Basang-basa na nga ang shirt ko.

**MANONG ODIE**

Maalinsangan kasi. Tingnan mo ‘yung mga tutubi, mababa ang lipad. Ang turo sa akin noong bata ako, kapag ganyan, uulan.

(Saglit.)

(Bubuhos ang ulan.)

Kita mo na. Mukhang may kinakasal na aran, tayo lang ang inuulan pero kita mo d'un sa kabila tirik pa rin ang araw.

**IFAN**

Naiisip mo ba minsan na baka ihi ng diyos 'yan?

**MANONG ODIE**

Ito'ng ulan?

**IFAN**

Oo. Naalala ko lang dahil nabanggit mo ang aran. Minsan kasi may naihian akong punso...

**MANONG ODIE**

Hala!

**IFAN**

N'ung kumakaripas ang mga langgam palabas, naisip ko. Laking pinsala ng ihi ng tao kapag bumuhos sa nasa baba. Paano kung ang ulan gan'un din pala? May mas mataas lang na pinagti-tripan tayo, umiihi kung sa'n magustuhan.

Pero, I'm rambling. Ito lang talaga. Simple lang 'yan. Tingnan mo sa taas, nasa ilalim tayo ng ulap. Dyan sa kabila, walang ulap. Pero, ang galing mo ha, tama ang prediksyon mo.

**MANONG ODIE**

Hindi naman porke't hindi ko natutunan sa eskwela, mali na.

**IFAN**

Wala naman akong sinabing gan'on.

**MANONG ODIE**

Alam ko naman na iyon ang tinutumbok mo. Mali ito, mali iyon. Ano nga 'yung sabi mo? Superstyphus.

Alam mo, ser, parang hindi ka na talaga taga-rito. Parang tinalikuran mo na ang kinalakihan mo.

**IFAN**

Hindi naman sa nakakalimot ako. Kilala mo ba ang pamilya ko, Manong?

**MANONG JUNIOR**

Alam kong isa kayo sa pinakamayamang pamilya sa probinsya. Mas mayaman pa kina mayor.

**IFAN**

No, not that.

(Titingin sa estatwa ni Biuag.)

In fact, my family is among the last ones left na nag-aalaga kay Biuag. Alam mo iyong altar sa bundok? That mountain is actually our property. My family has been tending that altar for God knows how long. Cantor ka, 'di ba? Iyong mga dasal at kanta, ninuno ko ang nag-alaga n'on para mapasa sa next generation.

**MANONG ODIE**

Iyon naman pala!

**IFAN**

When I was a child, I used to love going to the altar. Lalo na noong bago pa masementuhan ang daan, parang adventure ang pagpunta doon. Para sindihan ang mga kandila at allampran [*lamp*], at panoorin ang pag-atras ng mga anino na para bang masusunog sila sa maliit na ningas. Sa ganoon mo makikita na tila nagbabantay ang liwanag laban sa dilim.

**MANONG ODIE**

Makata ka pala, ser.

**IFAN**

But that was all of it. Pagkatapos ng excitement, wala akong maramdaman o marinig na kumakausap sa akin. Bawat dasal, parang nilalamon na lang ng kawalan.

**MANONG ODIE**

Paanong 'di mo maramdaman? Nagkalat sila. Tuwing kumakanta nga ako, parang pinupuno ako ng holy spirit, at alam kong hindi na sarili ko ang kumakanta, kundi boses na mas makapangyarihan pa.

'Yun ang dahilan kaya kumakanta pa rin ako. Kaya hindi ko matalikuran ang pagiging cantor ko. Kahit walang nagbabayad. Sa mga fiesta, pabasa, lamay at libing. Bilang na lang ang natitirang marunong. Dahil nalimot na ng karamihan, kaya sige pa rin ako para paalalahanan sila. Ang mga nakakarinig sa akin, maddangngo da. Umiiyak siguro dahil naririnig nila ang sakit at naiisip nila ang mga bagay na nawala na.

Pero paano kapag wala na ako, at mga kagaya ko? Wala nang gustong matuto.

**IFAN**

Puro TikTok na lang ang gusto ng mga tao.
(Saglit.)
I've always gotten by on my own abilities. Parang hindi ko nakita ang pangangailangan para sa diyos na pananaligan. The strength of one's body, one's intelligence, sapat na iyon.

**MANONG ODIE**

Pero ngayon, humihingi ka ng tulong.

Ano sa tingin ninyo ang nangyari at naging ganyan?

**IFAN**

(Titingkayad.)

Kailangan bang may mangyari? Agnostic ako. Alam mo 'yun?

**MANONG ODIE**

Agnostic? Hindi po.

**IFAN**

'Yung duda ka kung may Diyos ba o wala. Hindi ko maramdaman, eh. Gusto ko sana. Makaramdam. Pinilit ko naman. Naghanap ako. Alam mo iyong Camino de Santiago?

**MANONG ODIE**

Hindi, eh. Ano 'yun?

**IFAN**

Pilgrimage sa Spain. Ginawa ko 'yun. Naglakad ako. Hindi 'yung short route ha, na madalas gawin ng turista, na 7 days lang, 119 kilometers. Hindi. Pinahirapan ko sarili ko. Ginawa ko iyong mahaba at malayong lakaran. Mula Paris hanggang Santiago. 75 days, 1,717 kilometers.

**MANONG ODIE**

Kujalens, ang tindi mo, ser!

**IFAN**

Pero, wala. Umakyat din akong Tibet.

**MANONG ODIE**

Sa Mount Everest?

**IFAN**

Hindi. Pero tanaw na. Inisip ko, baka sa gan'un kataas na lugar, sa bundok ng Himalaya, malapit na sa langit. Baka marinig ko ang Diyos. 'Di ba nga, maraming monks d'on? Nand'on pa ang Dalai Lama. So baka naroon ang Diyos. Hindi man 'yung Diyos na itinuro sa akin, pero Diyos pa ring maituturing. Wala rin. Pati pa nga weed, sabi kasi ng iba kapag high ka madarama mo ang langit.

**MANONG ODIE**

Naku, ma-tokhang ka niyan, ser!

**IFAN**

Matagal na 'yun. Bago umupo si Digong. Inantok lang ako. Ang naging conclusion ko, ito. All the gods we speak of are mere fabrications of men to make others follow their will. Kung susundan mo ang history, makikita mo na tama ako.

**MANONG ODIE**

Sinasabi mo na sinubukan mong hanapin, ser. Pero baka naman hindi mo alam kung anong hahanapin?

**IFAN**

Hindi ba ang ganyan nalalaman mo kapag naranasan mo na?

**MANONG ODIE**

Pwede nga namang ganyan. Pero, sorry ser ha, hindi ba kung ganyan, parang naghihintay ka ng himala? Pero parang hindi ka naman naniniwala sa himala. Kaya baka naman nakasalamuha mo na pala, pero dahil hindi naman handa ang puso mo, kaya 'di mo rin nakilala. Pero ang naiisip ko pa, hindi ka naman mukhang mababaw na tao. Parang hindi ako naniniwala na parang trip trip lang sa'yo ang paghanap ng Diyos. Hehe sarap sanang pag-usapan 'yan kung may alak. Kaso ang alak lang dito…
(Titingnan ang bote ng gin na nasa altar.)

**IFAN**

O, bawal 'yan.

**MANONG ODIE**

Akala ko hindi ka naniniwala?

**IFAN**

Respeto lang.

(Saglit.)

Ang hirap ng buhay 'no?

**MANONG ODIE**

Laki sa hirap ang kausap mo, ser. Alam na alam namin 'yan.

**IFAN**

Kung bakit ba hindi na lang happy ending parati. Itong si Biuag at Malana. 'Di ba kahit pagkatapos nilang subukan patayin ang isa't isa, naging magkaibigan pa rin sila. Ang convenient ng gan'on. Stress-free.

**MANONG ODIE**

Hirap din naman siguro sila n'ong nararanasan nila ang mga nangyari sa kanila. Sa kwento na lang nawala ang dusa.

**IFAN**

Hmm. Perspective. Naniniwala ka talaga, ano?

**MANONG ODIE**

Lahat naman tayo, ser, may pinaniniwalaan. Iba-iba nga lang.

**IFAN**

May mga paniniwalang pinagsasamantalahan ng iba.

**MANONG ODIE**

Lagi naman kaming pinagsasamantalahan. Kayo din ser, 'yon ang gusto niyong gawin sa amin.

**IFAN**

Ako? Hindi ah! Hindi ko po kayo balak pagsamantalahan.

**MANONG ODIE**

Naku, ser, alam na namin ‘yang style na ‘yan.

**IFAN**

Hindi nga po!

**MANONG ODIE**

Gusto niyo kami pagsamantalahan.

**IFAN**

Para sa ikabubuti itong ginagawa ko!

**MANONG ODIE**

Nino? Gaya nang kanina ko pa sinasabi, mape-perwisyo lang kami. Huwag na tayong maglokohan, ser. Hindi hustisya ang gusto mo.

**IFAN**

Hustisya ang hanap ko!

**MANONG ODIE**

Hindi!

**IFAN**

May mga batang namamatay dahil hindi pinapagamot. Nilalagnat na, tini-tigdas na, magpapalaspas lang ng sanga at dahon ng bayabas. Hihimas-himasin, hihilut-hilutin. Ganyan ang nangyari sa anak ni Manang Luming na caretaker namin. Gusto ko nang

ipadala sa ospital. Pero nanuno lang daw. Hindi ko naman madiktahan. “Hindi mo naman anak ‘yan,” ang sabat sa akin.

Iyong anak mo, Manong Odie. Kung hindi natingnan ng doktor, baka patay na, dahil hindi na naagapan.

**MANONG ODIE**

Hindi hustisya ang gusto mo. Humihingi ka ng tulong ko, pero hindi mo man lang masabi ang totoo!

**IFAN**

Ano bang totoo ang hinahanap mo?!

**MANONG ODIE**

Kung bakit mo ginagawa ito!

**IFAN**

Fine! Duming-dumi na ako! Gusto ko na kumawala sa lahat ng ito! Ari ku yaw nga kiniddaw! I didn’t sign up for any of this shit!

**MANONG ODIE**

Lumublob ka sa putik na hindi mo alam na mababalot ka nito?

**IFAN**

I thought I could change things! Akala ko, sapat na ang magandang intensyon para hindi kumapit ang dumi.  Napansin mo ba? Ang pagkakaiba sa side kung saan tayo, and in just a few steps, sa kabilang probinsiya?

**MANONG ODIE**

Pareho namang highway.

**IFAN**

Hindi. Pagmasdan mo'ng maigi.

**MANONG ODIE**

Hindi ko alam kung ano'ng dapat tingnan.

**IFAN**

Tingnan mo ang gilid ng highway. Hindi ba parang sagana ang mais nila?

**MANONG ODIE**

Oo.

**IFAN**

Hindi ba't mas maganda ang mga bahay?

**MANONG ODIE**

Oo, mas mayaman talaga 'yang katabing probinsya.

**IFAN**

Ginusto ko 'yan para sa bayan. Tuwing naiisip ko na ilang hakbang lang, may progreso na, sabi ko sa sarili ko, baka ako ang kailangan para matulad tayo sa kanila. Hindi ko

alam kung malas ba ako, o malas tayo. Pero parang laging bigo ako. Laging talo ang bayang ito.

**MANONG ODIE**

Pwede ring parusa. Dahil sa paglimot.

**IFAN**

Parusa. Pwede nga siguro.

(Saglit.)

Manong Odie. Tulungan n'yo ako.

*Unti-unting mamamatay ang ilaw.*

*Wakas.*